

Protokol para sa Panlipunang Pagdidistansiya: Apendiks A

Kamakailang mga Pagbabago: (Mga pagbabago ay naka-highlight sa dilaw)

12/29/20:

- Nagdagdag ng mga depinisyon at gumawa ng maramihang pagbabago upang isama ang pandaigdigang pisikal na pagdistansiya, paggamit ng pantakip ng mukha, at iba pang mga protokol sa pagkontrol ng impeksyon para sa mga negosyo, pasilidad at lugar (sites).
- Ang mga pantakip sa mukha ay dapat na isuot ng mga empleyado na nagtatrabaho sa mga kubiko, kabilang ang mga kubiko na nilagyan ng mga partiyon. Ito ay isang pansamantalang hakbang bilang pagtupad sa pansamantalang UTOS NG OPISYAL NG KALUSUGAN na inilabas noong Nobyembre 28, 2020. Ang pag-aatas (requirement) ay epektibo mula 12:01 AM (PST) sa Nobyembre 30, 2020 hanggang sa karagdagang abiso. Sa lahat ng oras kapag kumakain o umiinom, ang mga empleyado ay dapat na magpanatili ng 6 na talampakang distansiya mula sa ibang mga tao at dapat na gawin ito pag nasa labas, kung maaari. Ang pagkain o pag-inom sa isang kubiko o puwesto ng trabaho ay mas mainam kaysa sa pagkain sa isang silid sa panandaliang pagpapahinga (breakroom).

Pangalan ng Negosyo:

Address ng Pasilidad:

**Pinakamaraming pag-okupa,
kada Code ng Apoy**

**Tinatayang kabuuang sukat
ng lugar na bukas sa publiko:**

Lahat ng mga entidad ay sakop ng gabay na ito at dapat na ipatupad ang lahat ng nararapat na hakbang na nakalista sa ibaba at maging handa na ipaliwanag kung bakit ang anumang hakbang na hindi ipinatupad ay hindi naaangkop sa entidad o lugar.

Sa mga protokol na sumusunod, ang salitang “sambahayan” ay tinukoy bilang “mga tao na naninirahan nang magkakasama bilang isang solong yunit ng pamumuhay* at hindi isasama ang mga sitwasyon ng pang-institusyong paninirahan ng grupo tulad ng mga dormitoryo, kapatiran, sorority, monasteryo, kumbento, o mga pasilidad sa pangangalagang pantirahan, hindi rin kasama rito ang mga pagsasaayos sa komersyal na paninirahan tulad ng mga paupahan, otel o motel. Ang mga terminong “kawani” at “empleyado” ay pinakahulugan para isama ang mga empleyado, boluntaryo, intern at mga trainee, iskolar at lahat ng iba pang mga indibidwal na nagsasagawa ng trabaho sa lugar. Ang mga terminong “mga bisita” o “mga kostumer” ay dapat na unawain para isama ang mga miyembro ng publiko at iba pang mga tao na hindi mga kawani o mga empleyado na gumugugol ng oras sa negosyo o lugar. Ang mga terminong “lugar” at “pasilidad” ay parehong tumutukoy sa gusali, mga lupain, at anumang katabing mga gusali o lupain kung saan idinaraos ang mga pinahihintulatang aktibidad.

¹ Los Angeles County Code, Title 22. §22.14.060 - F. Family definition. (Ord. 2019-0004 § 1, 2019.)
https://library.municode.com/ca/los_angeles_county/codes/code_of_ordinances?nodet=TIT22PLZO_DIV2DE_CH22_14DE_22.14.060F

A. KARATULA

- May karatula na nakapaskil ang isang kopya ng Protokol para sa Panlipunang Pagdidistansiya sa bawat pasukan ng pasilidad para sa publiko.

B. MGA HAKBANG UPANG MAPROTEKTAHAN ANG KALUSUGAN NG MANGGAGAWA (I-TSEK ANG LAHAT NG NAAANGKOP SA PASILIDAD)

- Lahat ng maaaring gawin ang kanilang trabaho mula sa bahay ay inatasan na gawin ito. Isinaayos ang mga proseso sa trabaho hangga't maaari upang maparami ang mga oportunidad para sa mga kawani na makapagtrabaho sa bahay
- Ang mga kawaning mahihina sa sakit (mga taong higit sa 65 ang edad, mga may malubhang kondisyon sa kalusugan) ay pagkalooban ng trabaho na maaaring gawin sa bahay hangga't maaari.
- Lahat ng empleyado ay inabisuhan na huwag pumasok sa trabaho kung may sakit at sundin ang gabay ng DPH para sariling pagbubukod, kung naaangkop.
- Ang impormasyon sa mga benepisyong bakasyon na itinaguyod ng amo/employer o gobyerno na maaaring makuha ng empleyado na gagawing pinansyal na mas madali ang pananatili sa bahay ay ipinaalam na sa lahat ng mga empleyado. Tingnan ang karagdagang impormasyon sa [mga programa ng gobyerno na sumusuporta sa bakasyon dahil sa pagkakasakit at kompensasyon ng manggagawa para sa COVID-19](#), kabilang ang mga karapatan ng empleyado sa mga bakasyon dahil sa pagkakasakit sa ilalim ng [Families First Coronavirus Response Act](#) at mga karapatan ng empleyado sa mga benepisyong kompensasyon ng manggagawa at pagpapalagay ng pagiging may kaugnayan sa trabaho ng mga pagkakatantad sa COVID-19 na naganap alinsunod sa [Executive Order N-62-20](#) ng Gobernador.
- Isinaayos ang mga proseso sa trabaho hangga't maaari upang maparami ang mga oportunidad para sa mga empleyado na makapagtrabaho sa bahay.
- Kung naipaalam na isa o higit pang mga empleyado, independiyenteng kontraktor at/o pansamantalang manggagawa ay nasuring positibo o may sintomas na katulad ng COVID-19 (kaso), ang amo (employer) ay may plano o protokol na nakahanda na ipatupad upang abisuhan ang mga may kaso na ibukod ang kanilang mga sarili sa bahay, at gawin ang kinakailangan na agarang pag-quarantine sa sarili ng lahat ng mga empleyado na nalantad sa lugar ng trabaho na kasama ng mga may kaso. Ang plano ng employer ay dapat na isaalang-alang ang isang protokol upang ang lahat ng mga naka-quarantine na mga empleyado ay may akses o pagkakataon upang masuri sa COVID-19 upang matukoy kung mayroon pang karagdagang pagkakatantad sa lugar ng trabaho, at maaaring nangangailangan ng karagdagan hakbang sa pagkontrol ng COVID-19. Tingnan ang gabay ng Pampublikong Kalusugan sa pagtugon sa [COVID-19 sa lugar ng trabaho](#).
- Ang [mga pag-iiskrin sa pasukan](#) ay isinagawa bago maaaring pumasok ang mga empleyado sa espasyo ng trabaho. Dapat isama sa mga pagsusuri ang pagtatanong tungkol sa ubo, pangangapos ng hininga, kahirapan sa paghinga at lagnat o panggiginaw, at [kung ang indibidwal ay kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pagbubukod at pag-quarantine](#). Ang mga pagsusuring ito ay maaaring gawin ng malayuan (remotely) o personal sa pagdating ng empleyado. Isang pagsusuri sa temperatura ay dapat din gawin sa lugar ng trabaho kung magagawa.
- Sa kaganapan na 3 o higit pang mga kaso ay natukoy sa loob ng lugar ng trabaho sa tagal na 14 na araw, ang employer ay [dapat](#) na iulat ang kumpol na ito sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan (Public Health) sa (888) 397-3993 o (213) 240-7821 o [online sa www.redcap.link/covidreport](#) Kung ang isang kumpol ay kinilala sa lugar ng trabaho, pasisimulan ng Public Health ang isang pagtugon sa kumpol na kinabibilangan ng pagkaloob ng gabay at rekomendasyon sa pagkontrol ng impeksyon, suportang teknikal, at mga hakbang sa pagkontrol sa partikular na lugar. Isang tagapamahala sa kaso ng Public Health ay itatalaga sa imbestigasyon ng kumpol upang tulungan ang pagtugon ng pasilidad.
- Ang mga empleyado na may pakikisalamuha o kontak sa ibang mga tao ay inaalok ng isang naaangkop na walang gagastusin na pantakip sa mukha (face covering) na tumatakip sa ilong at bibig. Ang pantakip ay dapat na isuot ng empleyado sa lahat ng oras sa araw ng trabaho kapag nakikisalamuha o malamang na makisalamuha sa ibang mga tao. Ang mga empleyado na inutusan ng kanilang medikal na tagapagbigay (medical provider) na hindi sila dapat magsuot ng isang pantakip sa mukha ay dapat magsuot ng panangga ng mukha (face shield) na may maluwag na tela (drape) sa ibabang dulo, para sumunod sa mga direktiba ng Estado, hangga't ang kanilang kondisyon ay pinahihintulutan ito. Isang drape na akma sa ilalim ng baba ay mas mainam. Ang mga maskara (mask) na may mga isang labasan na balbula (one-way valves) ay hindi dapat gamitin. Ang mga empleyado ay hindi kailangan magsuot ng isang pantakip sa mukha kapag ang empleyado ay mag-isa sa isang pribadong opisina o kubiko na may solidong partisyon o panghiwalay na lagpas sa taas ng empleyado kapag nakatayo.
- Bilang pagtupad sa [UTOS NG OPISYAL NG KALUSUGAN PARA SA PAGKONTROL NG COVID 19: TIER 1 MALAKING PAGTUGON SA PAGTAAS \(NG KASO\)](#) na inilabas noong 12/27/2020 hanggang sa karagdagang abiso, ang lahat ng mga empleyado ay dapat na magsuot ng mga pantakip sa mukha sa lahat ng oras maliban kung nagtatrabaho mag-isa sa mga pribadong opisina na sarado ang mga pintuan o kapag kumakain o umiinom. Ang eksepsyon na ginawa noong nakaraan para sa mga empleyado na nagtatrabaho sa mga kubiko na may mga solidong

partisyon na lumalagpas sa taas ng empleyado habang nakatayo ay napawalang halaga sa panahong epektibo ang pansamantalang utos.

- Para matiyak na ang mga maskara (masks) ay isinusuot nang tuloy-tuloy at tama, hindi hinihikayat ang mga empleyado na kumain o uminom maliban sa mga oras ng panandaliang pahinga (breaks) kapag nagagawa na nilang tanggalin nang ligtas ang kanilang mga maskara at pisikal na dumistansya mula sa ibang mga tao. Sa lahat ng oras kapag kumakain o umiinom, dapat na magpanatili ang mga empleyado ng hindi bababa sa anim na talampakang distansya mula sa ibang mga tao. Kapag kumakain o umiinom, mas mainam na gawin ito sa labas at malayo sa ibang mga tao, kung maaari. Ang pagkain o pag-inom sa isang kubiko o puwesto ng trabaho ay mas mainam kaysa sa pagkain sa isang silid sa panandaliang pagpapahinga (breakroom) kung ang pagkain sa isang kubiko o puwesto ng trabaho ay nagkakaloob ng higit na distansya mula sa ibang mga tao at mga harang sa pagitan ng mga manggagawa.
- Ang mga kawani ay inaatasan na labhan o palitan araw-araw ang kanilang mga pantakip sa mukha.
- Ang pag-okupa ay binawasan at ang espasyo sa pagitan ng mga empleyado ay sinasagad (maximized) sa anumang silid o lugar na ginamit ng mga empleyado para sa kainan at/o panandaliang pagpapahinga. Ito ay nakamit na sa pamamagitan ng:
 - o Pagpapaskil ng pinakamaraming pag-okupa (maximum occupancy) na hindi pabago-bago na may pagpapagana sa hindi bababa sa anim na talampakan sa pagitan ng mga indibidwal sa mga silid o lugar na ginagamit para sa panandaliang pagpapahinga; at
 - o Halinhinan sa panandaliang pagpapahinga (breaks) o oras ng pagkain para bawasan ang pag-okupa sa mga silid at panandaliang pagpapahinga; at
 - o Paglalagay ng mga mesa na hindi bababa sa anim na talampakan ang layo at pagtitiyak ng anim na talampakan sa pagitan ng mga upuan, pagtanggap ng pagteteyp ng mga upuan para bawasan ang pag-okupa, paglalagay ng mga marka sa mga sahig para tiyakin ang pagdistansya, at pagsasaayos sa pagkakaupo sa paraan na binabawasan ang harapang kontak. Ang paggamit ng mga partisyon ay hinihikayat para lalong mapigilan ang pagkalat ngunit hindi dapat ituring na isang pamalit para sa pagbawas ng pag-okupa at pagpapanatili ng pisikal na pagdistansya.
- Saanman maaari, ang mga panlabas na lugar sa panandaliang pamamahinga ay nilikha na at nilagyan ng mga lilim at upuan na nagpapagana sa mga empleyado na magpanatili ng 6 na talampakang pisikal na pagdistansya sa lahat ng oras mulang sa ibang mga tao.
- Lahat ng mga mesa o indibidwal na puwesto ng trabaho (workstations) ay nakaagwat ng hindi bababa sa anim na talampakan.
- Ang mga silid ng panandaliang pamamahinga (break room), mga banyo, at iba pang mga karaniwang lugar ay dini-disimpekta oras-oras, ayon sa sumusunod na iskedyu.
 - o Mga break room: _____
 - o Mga banyo: _____
 - o Iba pa: _____
- Ang mga pan-disimpekta at iba pang kaungay na suplay ay makukuha ng mga empleyado sa mga sumusunod na (mga) lokasyon: _____
- Ang mga hand sanitizer na epektibo laban sa COVID-19 ay makukuha ng lahat ng empleyado sa mga sumusunod na (mga) lokasyon: _____
- Ang sabon at tubig ay makukuha ng lahat ng empleyado sa mga sumusunod na (mga) lokasyon: _____
- Ang mga empleyado ay pinapayagan na magkaroon ng madalas na pagtigil sa trabaho (frequent breaks) para makapaghugas ng mga kamay.
- Ang bawat manggagawa ay tinalagahan ng kanilang mga sariling kasangkapan (tools), kagamitan at tukoy na espasyo ng trabaho. Hangga't maaari, ang pagsasalo-salo sa mga nahahawakang gamit (hal., mga telepono, tablet, laptop, mesa, panulat, atbp.) ay binawasan na o tinanggal na.
- Ang lahat ng mga patakaran na inilarawan sa checklist na ito maliban sa mga may kaugnayan sa mga tuntunin ng trabaho ay nalalapat sa kawani ng pagdedeliber (delivery staff) at anumang iba pang mga kumpanya na maaaring nasa mga nasasakupang lugar bilang mga ikatlong partido.
- Mga kopya ng protokol na ito ay naipamahagi sa bawat empleyado
- Opsyonal — Isalarawan ang iba pang mga hakbang: _____

**C. MGA HAKBANG UPANG MATIYAK ANG PISIKAL NA PAGDISTANSYA
(I-TSEK ANG LAHAT NG NAAANGKOP SA PASILIDAD)**

- Limitahan ang bilang ng **mga tao sa loob ng lugar o site** sa isang panahon, upang magbigay-daan sa mga kostumer/bisita na madaling mapanatili ang anim na talampakang layo sa bawat isa sa lahat ng praktikal na oras.
- Pinakamaraming bilang ng **mga taong pinahihintulutan** sa pasilidad **upang sumunod sa mga inaatas ng pisikal na pagdistansya:** _____
- Magpuwesto ng isang empleyado sa pinto para masigurado na hindi lalampas sa pinakamaraming bilang ng **mga tao** sa loob ng pasilidad.
 - Ang pasilidad o lugar ay sinusubaybayan ang lahat ng mga pasukan para masubaybayan at malimitahan ang pag-okupa. Kung saan posible, magkaloob ng isang malinaw na tinalagahang pasukan at hiwalay na labasan para makatulong mapanatili ang pisikal na pagdistansya.
 - Maging handa na papilahin ang mga kostumer/bisita sa labas habang pinapanatili pa rin ang pisikal na pagdistansya, kabilang ang paggamit ng mga nakikitang tanda. Kung kinakailangan, isang empleyado (o mga empleyado kung higit sa isa ng pasukan) na may suot na telang pantakip ng mukha ay maaaring nakabantay malapit sa pintuan ngunit hindi bababa sa 6 na talampakan mula sa mga pinakamalapit na kostumer para subaybayan ang pag-okupa at para direktahan ang mga kostumer/bisita na pumila ng 6 na talampakan ang layo sa labas ng pasukan kung ang pasilidad ay naabot na ang kanyang limitasyon sa pag-okupa.
 - Ang mga kawaning pangseguridad na nasa ari-arian ay aktibong pinaaalalahanan at hinihikayat ang mga kostumer/bisita at publiko na sumunod sa mga pamantayan ng pisikal na pagdistansya at paalalahanan ang mga tagapagtangkilik at mga bisita na ang pagkain at pag-inom sa mismong lugar ay hindi pinahihintulutan.
- Kung naaangkop, ang mga upuan ay muling isinaayos para tiyakin na ang lahat ng mga dumadalo/bisita ay nagagawang magpanatili ng pisikal na pagdistansya na hindi bababa sa 6 na talampakan sa pagitan nila at ng ibang mga tao na hindi miyembro ng kanilang sambahayan.
- Opsyonal — Isalarawan ang iba pang hakbang:

**D. MGA HAKBANG UPANG MAPANATILI ANG MGA TAO NA MAY ANIM NA TALAMPAKAN NA LAYO
(I-TSEK ANG LAHAT NG NAAANGKOP SA PASILIDAD)**

- Paglalagay ng karatula sa labas ng **pasilidad** upang paalalahan ang mga tao na lumayo ng hindi bababa sa anim talampakan bawat isa, maging kapag nasa pila.
- Maglagay ng tape at iba pang pananda ng hindi bababa sa anim talampakan bawat isa sa lugar ng pila sa loob ng **pasilidad o lugar**, at sa mga daanan sa pasukan ng publiko na may mga karatula na nag-uutos sa mga kostumer na gamitin ang mga marka upang mapanatili ang layo sa bawat isa.
- Hiwalay ang lugar ng pag-order mula sa lugar ng paghahatid upang maiwasan ang mga kostumer/**bisita** na magkumpulan, **kung naaangkop**.
- Ang mga empleyado/**bisita** ay inatasan na panatilihin ang agwat na hindi bababa ng anim (6) na talampakan mula sa mga kostumer at mula sa bawat isa, at **mga taong hindi napapaloob sa kanilang sambahayan**, maliban kung ang mga empleyado ay maaaring lumapit ng saglit kung kinakailangan para tumanggap ng bayad, maghatid ng mga pinamili o serbisyo, o kung talagang kinakailangan.
- Magkaloob ng mga malililaw na itinalagang pasukan at mga hiwalay na labasan, kung magagawa at angkop para sa espasyo, para tumulong na magpanatili ng pisikal na pagdistansya at sumuporta sa pagkontrol ng mga umpukan ng tao. Hangga't maaari, ang mga pintuan ay dapat na iwanang nakabukas kung hindi awtomatikong bumubukas o nagsasara ang mga ito.
- Kung **naaangkop**, magpatupad ng mga pasilyo na isang-daan o direksyon (one-way aisles) **o mga lakaran** upang sumuporta sa pisikal na pagdistansya.
- Kung **naaangkop**, ang kapasidad ng elebeytor ay limitado sa 4 na indibidwal o mas kaunti pa sa isang panahon para sa anumang elebeytor na hindi maaaring gawin ang 6 na talampakang distansya sa pagitan ng mga nakasakay. Ang lahat ng mga nakasakay ay inutusan na magsuot ng mga takip sa mukha. Isaalang-alang ang mga sukat ng elebeytor, bilang ng mga palapag ng gusali, at ang araw-araw na bilang ng mga empleyado para makabuo ng mga gabay sa pisikal na pagdidistansya na angkop para sa mga sumasakay ng elebeytor.
- Kung **naaangkop**, ang mga hagdanan ay binuksan na para sa mga taong **"tataas"** o **"bababa"** na may dinagdagang paglilinis sa mga nasabing hagdanan.
- Opsyonal — Isalarawan ang iba pang hakbang:

E. MGA HAKBANG SA PAKIKIPAG-USAP SA PUBLIKO (I-TSEK ANG LAHAT NG NAAANGKOP SA PASILIDAD)

- Ang isang kopya ng protokol na ito ay nakapaskil sa lahat ng mga pampublikong pasukan sa pasilidad.
- Karatula** sa lahat ng (mga) pasukan sa pasilidad o lugar na pinaaalalahanan ang mga kostumer tungkol sa kahalagahan ng pisikal na pagdistansya na anim (6) na talampakan, ang pangangailangan na magsuot ng isang pantakip ng mukha sa lahat ng oras, ang kahalagahan ng palagiang paghugas ng mga kamay o paggamit ng hand sanitizer, at pangangailangan na manatili sa bahay kung nakakaramdam ng sakit o may sintomas ng COVID-19.
- Karatula sa buong pasilidad o lugar na nagpapahiwatig sa mga kostumer na bawal kumain o uminom saanman sa establisyemento.
- Karatula sa buong pasilidad o lugar na nagpapahiwatig sa mga kostumer kung saan makikita ang pinakamalapit na dispenser ng hand sanitizer.
- Ang mga bilihan sa online ng establisyemento (website, sosyal (social) media, atbp.) ay nagkakaloob ng maliwanag na impormasyon tungkol sa mga oras ng operasyon, kailangang paggamit ng mga pantakip sa mukha, limitadong pag-ookupa, mga patakaran tungkol sa paunang pag-iiskedyul ng appointment o reserbasyon, paunang pag-oorder, paunang bayad, pagkuha at/o pagdedeliber at iba pang may kaugnayang mga isyu.

F. MGA HAKBANG PARA ITAGUYOD ANG PAGKONTROL NG IMPEKSYON

- Ang mga bisita na dumarating sa establisyemento ay pinaaalalahanan sa **pag-aatas (requirement)** na magsuot ng pantakip sa mukha sa lahat ng oras habang nasa **pasilidad** o sa nasasakupang lupa ng **pasilidad**. Ito ay nalalapat sa lahat ng mga adulto at sa mga bata na 2 taong gulang at mas matanda pa. Ang mga indibidwal lamang na inatasan ng kanilang medical provider na huwag magsuot ng pantakip sa mukha ang hindi saklaw na magsuot nito. Para suportahan ang kaligtasan ng iyong mga empleyado at iba pang mga bisita, ang isang pantakip sa mukha ay dapat na available para sa mga bisita na dumarating na wala nito.
- Isinasagawa ang mga pagsusuri sa sintomas bago makapasok ang mga bisita sa pasilidad. Dapat isama sa mga pagsusuri ang pagtatanong tungkol sa ubo, pangangapos ng hininga, kahirapan sa paghinga, lagnat o panggiginaw, at kung ang indibidwal ay kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pagbubukod o quarantine. Ang mga pagsusuring ito ay maaaring gawin ng personal o sa pamamagitan ng mga alternatibong pamamaraan, tulad ng mga sistema ng on-line check-in o sa pamamagitan ng karatula na nakapaskil sa pasukan ng pasilidad na nagsasaad na ang mga bisita na may mga sintomas na ito ay hindi dapat sa lugar.
- Ang sistema ng HVAC ay nasa mabuti, gumaganang ayos; hanggang sa maaaring pinakamalayong saklaw, ang bentilasyon ay nadagdagan. Isaalang-alang ang pagkakabit ng napakahuhusay na mga panglinis ng hangin, hangga't maaari pagtaas sa uri ng mga panala ng hangin ng gusali sa pinakamahuhusay, at ang paggawa ng iba pang mga pagpapabago para madagdagan ang labas na hangin at bentilasyon sa mga opisina at iba pang mga lugar. Tingnan ang gabay sa pampublikong kalusugan sa kung paano paghusayin ang bentilasyon.**
- Ang mga sistema sa pagbabayad na walang kontak ay naisaayos na, kung hindi ito maaari, ang mga sistema sa pagbabayad ay lubos na nililinis o sina-sanitize oras-oras. Ilarawan:**
- Ang mga lugar na karaniwang may tao at mga lugar na may maraming tao, at madalas na mga nahahawakang bagay (hal., mga handrail, kontrol ng elebeytor, hawakan ng pintuan, pambasa ng credit card, mga pindutan ng elebeytor, mga handrail ng eskaleytor, atbp) ay dinidisimpekta kada oras sa mga oras ng trabaho gamit ang mga pandisimpekta na aprubado ng EPA at sumusunod sa mga instruksyon ng tagagawa para sa paggamit.**

- Ang mga espasyo ng trabaho at ang kabuuang pasilidad ay nililinis araw-araw man lamang, ang mga banyo at madalas na mga nahahawakang lugar/bagay ay nililinis nang mas madalas. Ang mga oras ng shopping center ay binago na para magkaloob ng sapat na oras sa regular na puspusang paglilinis at paglalagay ng produkto.
- Ang mga pampublikong banyo o restrooms ay oras-oras na sina-sanitize gamit ang mga pandisimpekta na aprubado ng EPA at sumusunod sa mga instruksyon ng tagagawa para sa paggamit, sa sumusunod na iskedyul.
- Ang mga pampublikong inuming tubig bukal o water fountains ay isinara at may mga palatandaan na nagbibigay-alam sa mga kostumer na ang mga ito ay hindi magagamit.
- Ang mga kostumer na dumarating sa establisyemento na may mga batang kasama ay dapat na siguruhin na ang kanilang mga anak ay nasa tabi ng magulang, umiiwas sa paghawak sa sinumang tao o anumang bagay na hindi nila pag-aari, at naka-takip ang mukha kung tama na ang edad.
- Ang mga kostumer/bisita ay mayroong akses sa wastong mga produkto sa sanitasyon, kabilang ang hand sanitizer, mga tisyu at basurahan.
- Nagkaloob ng walang kontak na sistema ng pagbabayad o, kung hindi magagamit, sina-sanitize nang regular ang mga sistema ng pagbabayad. Ilarawan:

- Opsyonal-Ilarawan ang iba pang mga hakbang (hal. nagkaloob ng mga oras na para sa mga nakakatanda o senior lamang):

G. MGA HAKBANG PARA SA MGA PASILIDAD O LUGAR NA BUKAS SA PUBLIKO

- Ang mga banyo na karaniwang bukas sa publiko ay mananatiling bukas sa publiko.
- Ang mga pandisimpekta na pamunas na epektibo laban sa COVID-19 ay matatagpuan malapit sa mga cart at mga basket ng pamimili, kung naaangkop.
- May (mga) empleyado na nakatalaga para sa oras-oras na pagdisimpekta ng mga cart at basket, kung naaangkop.
- Ang hand sanitizer, sabon at tubig, o epektibong pandisimpekta ay nakalatag para sa publiko sa o malapit sa pasukan ng pasilidad, sa mga checkout counter, at saanman sa loob ng tindahan o sa agad na paglabas kung saan ang mga tao ay may direktang interaksyon.
- Pagdisimpekta oras-oras ng mga portal ng pagbayad, panulat, at mga stylus.

H. MGA HAKBANG PARA MASIGURO ANG PANTAY-PANTAY NA AKSES SA MGA KRITIKAL NA SERBISYO

- Ang mga serbisyo na kritikal sa mga kostumer ay binigyang prayoridad.
- Ang mga transaksyon o serbisyo na maaaring ialok nang malayuan (remotely) ay inilipat sa on-line.
- Pinasimulan ang mga hakbang para siguruhin ang akses sa mga paninda at serbisyo para sa mga kostumer/bisita na may mga limitasyon sa pagkilos at/o nasa mataas na panganib sa mga pampublikong lugar.

Opsyonal- Ilarawan ang iba pang mga hakbang:

Ang anumang karagdagang hakbang na hindi nabanggit sa listahan sa itaas ay dapat na ilista sa hiwalay na pahina. Dapat itong ilakip ng mga palisidad sa dokumentong ito.

Maaari mong makontak ang sumusunod na tao kung ikaw ay may katanungan o komento tungkol sa protokol na ito:

Pangalan ng Kontak ng Pasilidad:

Numero ng telepono:

Petsa na Huling Nirebisa:
